

“Tama na, Tigil na!”

By: Sis Techie “Soar” Rodriguez, Elder-Founder TLF
November 07, 2020

Minsan sa ating buhay, nakararamdam tayo ng udyok ng pagtakas, para makalaya sa Diyos o sa pagkakulong. Subalit, ang pagtakas sa Diyos ay nagdadala sa atin sa maling direksyon at di kaaya-ayang resulta.

7 Dahilan ng Pagtakas

1.Labis na Pagkawala ng Pag-asa

1.1 Ito ay nagbibigay ng maling desisyong na nagreresulta sa hindi kanais-nais na mga pangyayari.

1.2 Minsan, pakiramdam natin naipit tayo sa isang sitwasyon, ngunit may plano ang Diyos paano tayo maiaahon sa panganib.

1.3“Alam nating sa lahat ng bagay ang Diyos ay gumagawang kasama ang mga nagmamahal sa kanya, ang mga tinawag ayon sa kanyang panukala, sa kanilang ikabubuti” (Rom 8:28).

2. Pagbitaw ng agad-agad na desisyon

2.1 Sa pagbibigay ng desisyon, isaalang-alang ang pagpipilian at ang kahihinatnan nito. Huwag nating ilagay ang ating sarili sa mas masamang kalagayan.

2.2 Huwag munang magdesisyon - ito marahil ang pinakamabuting gawin.

3. Ang Pagkabagot

3.1 Hindi tayo ilalagay ng Diyos sa sitwasyong hindi natin kaya.

3.2 “Kinakailangan kayo’y magtiis upang masunod ninyo ang kalooban ng Diyos at matanggap ang kanyang panangako” (Heb. 10:36).

4. Di maiwan ang maginhawang kinalalagyan

4.1 Tumatakas tayo sa pananagutan dahil gusto nating manatili sa ating maginhawang sitwasyon.

5.Ang Pagsuko

5.1 Maging matatag at ipagpatuloy gawin ang mga ipinag-uutos ng Diyos.

5.2“Ako lamang ang nakakaalam ng mga panukalang inihahanda ko para sa ikabubuti ninyo, at para dulutan kayo ng pag-asa hinaharap” (Jer. 29:11).

6. Ang Pagiging Suwail

6.1 Minsan alam na natin ang katotohanan tungkol sa Diyos, ngunit sinusuway pa rin natin Siya, sinusunod natin ang sariling karunungan.

6.2 Umiibas tayo sa mga pangaral ng Diyos, sumusunod tayo sa maling direksyon, at nagdurusa tayo sa resulta ng ating aksyon.

7. Nakatuon sa Pangamba at Takot

7.1 Dahil sa ating takot at pangamba, hindi natin nakikita ang magagandang pagkakataon at mga biyayang bigay ng Diyos na nakalaan sa atin.

Mga Bunga ng Pagtakas sa Diyos

1. Dinidisciplina Niya tayo.
2. Nadadamay ang lahat ng nasa paligid dahil sa pagsuway natin.
3. Napapalayo tayo sa presensya ng Diyos.
4. Nagiging mahina tayo.
5. Binibigyan natin ng pagkakakataon ang demonyo.
6. Makatatakbo tayo, pero di tayo makapagtatago.
7. Maaabutan tayo ng paghuhukom.

Kung may iniuutos ang Diyos sa atin, huwag nating takasan, bagkus, bilisan natin ang pagkilos para magawa natin ito agad-agad.

Pagninilay: May pangyayari ba sa buhay mo na pinili mong huwag tumakas? Ano ang naging resulta?

Mas mabuti kung haharapin agad-agad ang mga hamon sa atin, manalig tayo na hindi tayo iiwanan at pababayaan ng Diyos.

Isinalin ni: Sis. Nida Cruz

Na-edit at inaprobahan ni: Sis. Vera I. Tuplano

For more teachings, visit our website:

<https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials>